



## Bakuna sa Hepatitis A Hepatitis A Vaccine

Ang pagbabakuna ay nagligtas ng maraming buhay sa Canada sa huling 50 mga taon kaysa sa anumang iba pang hakbang sa kalusugan.

### Ano ang bakuna sa hepatitis A?

Ang bakuna sa hepatitis A ay nagpoprotekta laban sa impeksyon mula sa hepatitis A na virus. Ang bakuna ay inaprubahan ng Health Canada.

### Sino ang dapat makakuha ng bakuna sa hepatitis A?

Ang bakuna sa hepatitis A ay ibinibigay sa mga 6 na buwang edad at mas matanda. Karaniwan itong ibinibigay bilang mga serye ng 2 dosis nang hindi bababa sa 6 na buwan ang pagitan.

Ang bakuna sa hepatitis A ay ibinibigay nang libre sa mga taong may mataas na panganib ng impeksyon o malubhang karamdaman, kabilang ang:

- Mga may hemophilia o tumatanggap ng paulit-ulit na pagsasalin ng dugo o mga produkto ng dugo
- Mga nag-iiniksyon ng mga ilegal na droga o nakikibahagi sa pagsinghot ng droga, paninigarilyo, o kagamitan na pang-iniksyon
- Mga lalaking nakikipagtalik sa ibang mga lalaki
- Mga may HIV, hepatitis B o impeksyon sa hepatitis C, o talamak na sakit sa atay
- Mga nagkaroon ng stem cell transplant
- Mga magkakaroon o nagkaroon ng liver transplant
- Mga bilanggo sa pasilidad ng bilangguan
- Mga malapit na nakikipag-ugnayan sa mga taong nahawaan ng hepatitis A na virus – tulad ng mga taong nakatira sa parehong bahay, mga kabakas sa seks, mga malalapit na kaibigan, at mga bata sa parehong daycare
- Mga nakakain ng pagkaing inihanda ng isang humahawak ng pagkain na may impeksyon sa hepatitis A
- Mga Katutubong bata at mga kabataan na may edad 6 na buwan hanggang 18 taong gulang. Nakukuha ng mga sanggol ang kanilang unang dosis sa edad na 6 na buwan at ang pangalawang dosis sa 18 buwan. Ang mga mas matatandang bata ay nangangailangan ng 2 dosis ng bakuna na may hindi bababa sa 6 na buwan sa pagitan ng mga dosis

Ang mga indibidwal na may HIV ay dapat makakuha ng 3

dosis ng bakuna. Ang pangalawang dosis ay ibinibigay 1 buwan pagkatapos ng unang dosis. Ang ikatlong dosis ay ibinibigay pagkalipas ng 5 buwan.

Kung sakaling nalantad ka sa hepatitis A, ikaw ay dapat kumuha ng 1 dosis ng bakuna sa loob ng 14 na araw ng pagkakatantad upang maiwasan ang sakit. Ito ay ibinibigay nang libre.

Inirerekomenda din ang bakuna, ngunit hindi ibinibigay nang libre, para sa mga taong malamang na nagkaroon ng kontak sa o ikalat ang hepatitis A na virus, kabilang ang:

- Mga naninirahan, nagtatrabaho o naglalakbay sa mga bansa, partikular sa mga kanayunan na lugar, kung saan karaniwan ang hepatitis A
- Mga sambahayan o mga malapit na kontak ng mga inampon na bata mula sa mga bansa kung saan karaniwan ang hepatitis A
- Mga imigrante mula sa mga bansa kung saan karaniwan ang hepatitis A
- Mga humahawak ng pagkain
- Mga may maraming sekswal na kabakas
- Mga residente at kawani ng mga institusyong nangangalaga sa mga taong may mga paghamon sa pag-unlad kung saan mayroong nagpapatuloy na impeksyon sa hepatitis A
- Mga tagabantay ng zoo, mga beterinaryo at mga mananaliksik na humahawak ng mga primata na hindi tao
- Mga kasangkot sa pananaliksik sa hepatitis A virus, o ang paggawa ng bakuna sa hepatitis A

Mahalagang panatilihin ang isang talaan ng lahat ng natanggap na mga pagbabakuna.

### Ano ang mga benepisyong bakuna sa hepatitis A?

Ang bakuna ay ang pinakamahasag na paraan upang maprotektahan laban sa impeksyon sa hepatitis A. Kapag nabakunahan ka, nakakatulong ka ring protektahan ang iba.

### Ano ang mga posibleng reaksiyon pagkatapos ng bakuna?

Ang mga bakuna ay napakaligtas. Mas ligtas na kumuha ng bakuna kaysa makakuha ng hepatitis A.

Maaaring kabilang sa mga karaniwang reaksiyon sa bakuna ang pagsakit, pamumula at pamamaga kung saan ibinigay

ang bakuna. Ang pagsakit ng ulo, pagkapagod, lagnat, pagduduwal, pagsusuka at pagtatae ay maaari ding mangyari pagkatapos makuha ang bakuna. Ang mga reaksyon na ito ay banayad at sa pangkalahatan ay tumatagal ng 1 hanggang 2 araw.

Acetaminophen (e.g. Tylenol®) or ibuprofen (e.g. Advil®) can be given for fever or soreness. ASA (e.g. Aspirin®) should not be given to anyone under 18 years of age due to the risk of Reye Syndrome.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Reye Sindrom, tingnan ang [HealthLinkBC File #84 Reye Syndrome](#).

Mahalagang manatili sa klinika ng 15 minuto pagkatapos makakuha ng anumang bakuna dahil may napakabihirang posibilidad, na mas mababa sa 1 sa isang milyon, ng isang nagbabanta-sa-buhay na reaksiyong alerhiya na tinatawag na anaphylaxis. Maaaring kasama dito ang mga pantal, kahirapan sa paghinga, o pamamaga ng lalamunan, dila o mga labi. Kung mangyari ang reaksiyong ito, nakahanda ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na gamutin ito. Kasama sa paggamot sa emerhensiya ang pangangasiwa ng epinephrine (adrenaline) at paglipat sa pinakamalapit na departamento ng emerhensiya sa pamamagitan ng ambulansya. Kung magkaroon ng mga sintomas pagkatapos mong umalis sa klinika, tumawag sa **9-1-1** o sa numero ng iyong lokal na emerhensiya.

Mahalaga na palaging iulat ang seryoso o hindi inaasahang mga reaksyon sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

### Sino ang hindi dapat kumuha ng bakuna?

Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung nagkaroon ka ng nagbabanta-sa-buhay na reaksyon sa isang nakaraang dosis ng bakunang pneumococcal, o anumang sangkap ng bakuna, kabilang ang neomycin, o sa latex.

Hindi na kailangang ipagpaliban ang pagpapabakuna dahil sa sipon o iba pang banayad na sakit. Gayunpaman, kung mayroon kang mga alalahanin, makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

### Ano ang hepatitis A?

Ang Hepatitis A ay isang virus na umaatake sa atay. Maaaring kabilang sa mga sintomas ng hepatitis A ang pagkapagod, lagnat, pagduduwal at pagsusuka, kawalan ng gana sa pagkain, pananakit ng tiyan, maitim na ihi, maputlang dumi at jaundice (paninilaw ng balat at mata). Ang ilang mga tao, lalo na ang mga maliliit na bata, ay

maaaring walang anumang mga sintomas. Ang impeksyon sa Hepatitis A ay bihirang nagdudulot ng kamatayan; humigit-kumulang 1 sa 200 tao na nahawaan ng virus ay mamamatay. Ang panganib na mamatay mula sa impeksyon sa hepatitis A ay mas mataas sa mga taong 50 taong gulang at mas matanda.

### Paano kumakalat ang hepatitis A?

Ang hepatitis A virus ay matatagpuan sa pagdumi (dumi) ng mga taong nahawahan. Ang mga taong may impeksyon sa hepatitis A na gumagamit ng banyo nang walang wastong paghuhugas ng kamay ay maaaring makapasa ng virus sa iba sa pamamagitan ng paghahanda ng pagkain o iba pang kamay-sa-bibig na kontak. Ang sakit ay maaari ding kumalat sa pamamagitan ng pakikipagtalik, o pagbabahagi ng kagamitan na ginagamit sa paggamit ng ilegal na droga, tulad ng mga karayom o mga pipa.

Ang Hepatitis A ay maaari ding kumalat sa pamamagitan ng pag-inom ng kontaminadong tubig, o sa pamamagitan ng pagkain ng hilaw o hindi gaanong naluto na shellfish, tulad ng mga alimango, mga tulya, mga talaba o mga tahong na nahawahan ng dumi sa alkantarilya.

### Pahintulot ng Gumugulang na Menor de Edad

Inirerekomenda na pag-usapan ng mga magulang o mga tagapag-alaga at kanilang mga anak ang pahintulot para sa pagbabakuna. Ang mga batang wala pang 19 na taong gulang, na nakakaunawa ng mga benepisyo at mga posibleng reaksyon para sa bawat bakuna at panganib sa hindi pagkuha ng bakuna, ay maaaring legal na pumayag o tumanggi sa mga pagbabakuna. Para sa higit pang impormasyon sa pahintulot ng gumugulang na menor de edad tingnan ang [HealthLinkBC File #119 Ang Batas sa mga Sanggol, Pahintulot ng Gumugulang na Menor de Edad at Pagbabakuna](#).

Para sa karagdagang impormasyon sa mga pagbabakuna, bisitahin ang ImmunizeBC sa <https://immunizebc.ca/>.



ImmunizeBC



BC Centre for Disease Control  
Provincial Health Services Authority

Para sa karagdagang HealthLinkBC File na mga paksa, bisitahin ang [www.HealthLinkBC.ca/more/resources/healthlink-bc-files](http://www.HealthLinkBC.ca/more/resources/healthlink-bc-files) o ang iyong lokal na yunit ng pampublikong kalusugan. Para sa hindi pang-emerhensiyang impormasyon sa kalusugan at payo sa B.C. bisitahin ang [www.HealthLinkBC.ca](http://www.HealthLinkBC.ca) o tawagan ang **8-1-1** (libreng-tawag). Para sa tulong sa bulag at may kapansanan sa pandinig (TTY), tumawag sa **7-1-1**. Makukuha ang mga serbisyo sa pagsasalina sa higit sa 130 wika kapag hiniling.